



Fact Sheet ukol sa Update sa Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke sa 2022 para sa Lahing Asian/Pacific Islander*

Cardiovascular Disease (CVD) (ICD-9 390 hanggang 459; ICD-10 I00 hanggang I99)

- Sa mga non-Hispanic (NH) Asian na nasa hustong gulang, na 20 taong gulang pataas sa pagitan ng 2015 at 2018, 52.0% ng mga lalaki at 42.5% ng mga babae ang nagkaroon ng CVD.
- Noong 2019, CVD ang sanhi ng mga pagkamatay* ng 12,939 na lalaki at 11,862 babae sa mga NH Asian na nasa hustong gulang.

Coronary Heart Disease (CHD) (ICD-9 410 hanggang 414, 429.2; ICD-10 I20 hanggang I25, kabilang ang MI ICD-10 I21 hanggang I22)

- Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang, na 20 taong gulang pataas, 5.0% ng mga lalaki at 3.2% ng mga babae ang nagkaroon ng CVD ayon sa data na mula sa 2015 hanggang 2018.
- Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang, na 20 taong gulang pataas, 2.7% ng mga lalaki at 0.7% ng mga babae ang dating nakaranas ng myocardial infarction (atake sa puso) ayon sa data na mula sa 2015 hanggang 2018.
- Noong 2019, CHD ang sanhi ng mga pagkamatay* ng 6,095 lalaki at 4,119 na babae sa mga NH Asian na nasa hustong gulang.
- Noong 2019, myocardial infarction ang sanhi ng mga pagkamatay* ng 1,734 na NH Asian na lalaki at 1,184 na NH Asian na babae.

Stroke (ICD-9 430 hanggang 438; ICD-10 I60 hanggang I69)

- Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang sa pagitan ng 2015 at 2018, na 20 taong gulang pataas, 1.4% ng mga lalaki at 1.0% ng mga babae ang na-stroke dati.
- Noong 2019, stroke ang sanhi ng mga pagkamatay* ng 2,653 lalaki at 3,282 babae sa mga NH Asian na indibidwal.

Altapresyon (HBP) (ICD-9 401 hanggang 404; ICD-10 I10 hanggang I15)

- Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang, na 20 taong gulang pataas sa pagitan ng 2015 at 2018, 51.0% ng mga lalaki at 42.1% ng mga babae ang nagkaroon ng HBP (tinukoy sa pamamagitan ng systolic pressure na 140 mm Hg o mas mataas o diastolic pressure na 90 mm Hg o mas mataas o pag-inom ng antihypertensive na gamot o dalawang beses na sinabihan ng doktor o iba pang propesyonal na mayroon kang altapresyon).
- Noong 2019, HBP ang sanhi ng mga pagkamatay* ng 1,490 NH Asian na lalaki at 1,688 NH Asian na babae.
- Noong 2018, mas mababa ang posibilidad (21.9%) na masabihan ang mga Asian na nasa hustong gulang sa ≥ 2 sitwasyon na mayroon silang HBP kumpara sa mga Black na nasa hustong gulang (32.2%), American Indian/Alaska Native na nasa hustong gulang (27.2%), White na nasa hustong gulang (23.9%), o Hispanic o Latino na nasa hustong gulang (23.7%).

* Dahil sa pagkakaiba-iba ng ulat ayon sa lahi, maaaring may ilang istatistika na hindi maaasahan. Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa United States ang lahat ng istatistika sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa 2022 para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

Mataas na Kolesterol sa Dugo at Iba Pang Lipid

- Sa pagitan ng 2015 at 2018, sa mga batang may edad na 6 hanggang 11 taong gulang, ang mean na kabuuang antas ng kolesterol ay 157.3 mg/dL. Para sa mga NH Asian na kabataan, ang mean na kabuuang kolesterol ay 167.5 mg/dL para sa mga lalaki at 159.0 mg/dL para sa mga babae.
- Sa pagitan ng 2015 at 2018, 155.1 mg/dL ang mean na kabuuang antas ng kolesterol sa dugo ng mga adolescent na may edad na 12 hanggang 19 na taong gulang. Para sa mga NH Asian na adolescent, 155.2 mg/dL ang mean na kabuuang kolesterol para sa mga lalaki at 165.0 mg/dL para sa mga babae.
- Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang sa pagitan ng 2011 at 2012, 70.8% ang nagpasuri ng kolesterol nila (70.6% ng mga lalaki at 70.9% ng mga babae).
- Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang na 20 taong gulang pataas sa pagitan ng 2015 at 2018:
 - 38.6% ng mga lalaki at 38.6% ng mga babae ang nagkaroon ng kabuuang antas ng kolesterol na 200 mg/dL o mas mataas.
 - 13.0% ng mga lalaki at 10.3% ng mga babae ang nagkaroon ng kabuuang antas ng kolesterol na 240 mg/dL o mas mataas.
 - 33.4% ng mga lalaki at 26.9% ng mga babae ang nagkaroon ng low-density lipoprotein cholesterol na 130 mg/dL o mas mataas.
 - 26.4% ng mga lalaki at 6.7% ng mga babae ang nagkaroon ng high-density lipoprotein cholesterol na wala pang 40 mg/dL.

Paninigarilyo

- Noong 2019, sa mga NH Asian na nasa hustong gulang na 18 taong gulang pataas, 7.2% ang nag-ulat na naninigarilyo araw-araw o paminsan-minsan.
- Noong 2019, pinakamababa ang bilang ng mga habambuhay na naninigarilyong adolescent, na 12 hanggang 17 taong gulang, sa mga Asian (3.5%) na adolescent, na sinusundan ng mga Black (8.8%), Hispanic o Latino (12.0%), White (14.8%), at American Indian at Alaska Native (21.6%) na adolescent.

Kawalan ng Pisikal na Aktibidad

- Noong 2018, 22.9% ng mga Asian na nasa hustong gulang ang tumugon sa parehong Mga Pederal na Tagubilin sa Pisikal na Aktibidad para sa Aerobic at Pagpapalakas.

Labis na Timbang at Obesidad

- Sa pagitan ng 2015 at 2018, 35.4% ng mga batang 2 hanggang 19 na taong gulang sa United States ang labis sa timbang o obese, kung saan 19.0% ang obese. Sa mga NH Asian na bata, 26.4% ng mga lalaki at 18.8% ng mga babae ang labis sa timbang o obese, kung saan 11.3% ng mga lalaki at 7.4% ng mga babae ang obese.
- Sa pagitan ng 2015 at 2018, 71.3% ng mga nasa hustong gulang na 20 taong gulang pataas sa United States ang labis sa timbang o obese; 40.6% ang obese, at 8.4% ang labis na obese. Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang, 55.9% ng mga lalaki at 42.9% ng mga babae ang labis sa timbang o obese, 13.5% ng mga lalaki at 15.9% ng mga babae ang obese, at 1.4% ng mga lalaki at 0.9% ng mga babae ang labis na obese.

* Dahil sa pagkakaiba-iba ng ulat, may ilang istatistika na maaaring hindi maaasahan.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa United States ang lahat ng istatistika sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa 2022 para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

Diabetes (ICD-9 250; ICD-10 E10 hanggang E14)

- Sa mga kabataang 19 na taong gulang pababa sa pagitan ng 2002 at 2015, tumaas ang rate ng type 1 diabetes nang 1.9% taon-taon at tumaas ang rate ng type 2 diabetes nang 4.8% taon-taon. Pinakamalaki ang pagtaas para sa parehong type ng diabetes sa mga Hispanic at Asian o Pacific Islander na indibidwal kumpara sa iba pang etnikong pangkat.
- Sa pagitan ng 2015 at 2018, sa mga NH Asian na nasa hustong gulang (≥ 20 taong gulang):
 - 14.3% ng mga lalaki at 10.1% ng mga babae ang na-diagnose ng doktor na may diabetes.
 - 5.5% ng mga lalaki at 3.1% ng mga babae ang mayroong hindi na-diagnose na diabetes.
 - 52.5% ng mga lalaki at 42.3% ng mga babae ang may pre-diabetes.
- Noong 2019, diabetes ang sanhi ng mga pagkamatay ng 1,763 lalaki at 1,612 babae sa mga NH Asian at Pacific Islander na indibidwal.

**Para sa karagdagang impormasyon, mga chart at talahanayan, tingnan ang
*Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke – Update sa 2022***

Maaaring i-download ang mga karagdagang chart nang direkta mula sa online na paglalathala o sa www.heart.org/statistics

Maraming istatistika sa Fact Sheet na ito ang galing sa mga hindi nailathalang tabulation na pinagsama-sama para sa dokumentong ito at maaaring banggitin gamit ang citation sa dokumento na nakalista sa ibaba. Nakalista sa buong dokumento ang mga pinagkunan ng data na ginamit para sa mga tabulation. Dagdag dito, nanggaling sa mga nailathalang pag-aaral ang ilang istatistika. Kung babanggitin mo ang alinman sa mga istatistika sa fact sheet na ito, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke upang malaman ang mga pinagkunan ng data at orihinal na citation.

Hinihiling ng American Heart Association na banggitin ang dokumentong ito na gaya ng sumusunod:

Tsao CW, Aday AW, Almarzooq ZI, Alonso A, Beaton AZ, Bittencourt MS, Boehme AK, Buxton AE, Carson AP, Commodore-Mensah Y, Elkind MSV, Evenson KR, Eze-Nliam C, Ferguson JF, Generoso G, Ho JE, Kalani R, Khan SS, Kissela BM, Knutson KL, Levine DA, Lewis TT, Liu J, Loop MS, Ma J, Mussolino ME, Navaneethan SD, Perak AM, Poudel R, Rezk-Hanna M, Roth GA, Schroeder EB, Shah SH, Thacker EL, VanWagner LB, Virani SS, Voecks JH, Wang N-Y, Yaffe K, Martin SS; sa ngalan ng Komite sa Mga Istatistika at Subcommittee sa Mga Istatistika ng Stroke ng Konseho sa Epidemiyolohiya at Pag-iwas ng American Heart Association. Mga istatistika ng sakit sa puso at stroke—update sa 2022: isang ulat mula sa American Heart Association [inilathala online bago ang imprenta sa Miyerkules, Enero 26,

* Dahil sa pagkakaiba-iba ng ulat, may ilang istatistika na maaaring hindi maaasahan.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa United States ang lahat ng istatistika sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa 2022 para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

2022]. *Circulation*. doi: 10.1161/CIR.0000000000001052

[Update sa Istatistika para sa 2022](#)

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga istatistika o anumang punto sa Update sa Istatistika para sa 2022, mangyaring makipag-ugnayan sa American Heart Association National Center, Office of Science & Medicine sa statistics@heart.org. Pakidirekta ang lahat ng tanong ng media sa News Media Relations sa <http://newsroom.heart.org/newsmedia/contacts>.

* Dahil sa pagkakaiba-iba ng ulat, may ilang istatistika na maaaring hindi maaasahan. Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa United States ang lahat ng istatistika sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa 2022 para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.